



Sinumaan ang magpalaya ng alipin [sa paraan na] hulug-hulugan-o bahagi nito, Isinasatungkulin sa kanya na palayain siya ng ganap sa yaman nito, At kung wala siyang sapat na yaman, kukwentahin ng pinuno [ng alipin] ang makatarungang halaga [nito]

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-suya ay nagsabi :((Sinumaan ang magpalaya ng alipin [sa paraan na] hulug-hulugan-o bahagi nito, Isinasatungkulin sa kanya na palayain siya ng ganap sa yaman nito, At kung wala siyang sapat na yaman, kukwentahin ng pinuno [ng alipin] ang makatarungang halaga [nito], pagkatapos ay magtatrabaho ang alipin [bilang kabayaran ng paglaya niya], ng walang halong pagpapahirap sa kanya))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sinuman ang magpalaya [sa pamamagitan ng] bahaging gugulin niya sa isang alipin, isinasatungkulin sa tagapagpalaya na palayain ang alipin mula sa lahat [ng nagmamay-ari sa kanya], kung mayroon siyang sapat na yaman. Ibig sabihin; ang tagapagpalaya ay may yaman na makakayanan [ang pagpapalaya] rito, sa pamamagitan ng pagbabayad sa bawat kasamahan niya sa halagang naging bahagi nila sa alipin, upang ito ay mapalaya, Subalit kapag wala siyang yaman, o mayroon siyang yaman subalit hindi makakayanan nito [ang pagpapalaya rito], o magkakaroon siya ng pinsala dahil dito, ang dapat niyang gawin sa kalagayang ito ay papiliin ang alipin sa dalawang bagay; Una; Ang panatilihin nito ang sarili niya sa pamamahala [bilang alipin] sa halaga ng bahaging natitira. at siya ay magiging iilan, Ibig sabihin ay alipin sa iba at malaya sa iba, Sapagkat ipinapahintulot para sa kanya ang ganitong kalagayan, ang manatiling alipin sa iba. Pangalawa: Ang magtrabaho siya, upang mabayaran ang halaga ng sinumang hindi nagpalaya sa kanya sa bahagi nito, pagkatapos gawin ng [pinuno ng alipin] ang makatarungang halaga, at tinatawag itong "Istis-'ā".

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

